# PRESS RELEASE


*Embassy of the Republic of the Philippines, Damascus*

*Hamzeh bin Al Mutaleb St. Building No. 56, West Mezzeh Area, Damascus, SYRIAN ARAB REPUBLIC*

*Tel. No. (+963-11) 613-2626* • *http://damascuspe.dfa.gov.ph/*


## PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2020 SA PASUGUAN




*Ang mga nagwagi ng una at ikalawang gantimpala sa timpalak ng pagtula at pag-awit ng kundiman*

**DAMASCUS, 30 Agosto 2020**- Sa pagtatapos ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika noong Agosto, ang Pasuguan ng Pilipinas sa Damascus, Syria ay nagdaos ng isang timpalak sa pagtula ng "Sa Aking mga Kabata" na isinulat ni Dr. Jose Rizal at pag-awit ng mga kantang kundiman noong 30 Agosto 2020 sa Filipino Workers Resource Center (FWRC).

Ang nasabing patimpalak ay sinalihan ng limang grupo ng apatnapu't siyam (49) na kababaihang nananatili sa Shelter. Ito'y nasaksihan ng mga kawani ng Pasuguan, na siyang nagsilbing mga hurado.

Inumpisahan ni Gng. Kathleen Llarena, itinalagang Cultural at GAD Focal Point Officer at Housemother ng FWRC, ang programa ng isang mensahe na nakasentro sa tema ng Buwan ng Wika 2020 *"Wikang Kasaysayan, Kasaysayan ng Wika" Ang mga Katutubong Wika sa Maka-Filipinong Bayanihan Kontra Pandemya.* Ipinaliwanag nito ang halaga ng Filipino at mga katutubong wika sa bansa bilang mabisang sandata sa pakikidigma laban sa pandemya. Nabanggit din nito ang kaugnayan ng wika sa Bayanihan sa pagresolba sa pandemyang dinaranas ng buong mundo, na ang wika ang tulay sa paghahatid ng kamalayan sa sangkatauhan upang ang COVID-19 ay mapigilan.

Ginawaran ni Gng. Llarena ng gantimpala ang mga nanalo sa nasabing patimpalak. END.